

# Ang Diskurso ng Malas at Suwerte sa mga Kuwento ng Tagumpay ng mga Nakatatandang Dating Overseas Filipino Workers

## *The Discourse of Luck in Older Former Overseas Filipino Workers' Narratives of Success*

Michelle G. Ong  
Unibersidad ng Pilipinas–Diliman  
mgong@up.edu.ph

Sa lipunang may pagtangi sa mga Overseas Filipino Worker bilang “Bagong Bayani,” marami ang umaasang magtatagumpay sila sa kanilang pakikipagsapalaran sa ibang bansa. Sa usapin ng kapakanan ng mga nagsiuwiang OFW, malimit matuon ang diskusyon sa mga salik na pang-indibidwal—sa kaalaman nila sa pagpaplanong pampinansiya, sa kakayahan nilang magdesisyon, at kakayahang dumiskarte kapag hindi natutupad ang mga inaasahan. Mahalaga rin ang ideya ng matagumpay na pagtanda, na tinitingnan ang katandaan bilang panahon ng patuloy na mabuting kalusugan at pakikilahok sa lipunan. Sa papel na ito, ibig kong bigyang pansin ang mga diskursong ginagamit ng mga nakatatandang babae na dating OFW upang ipaliwanag ang kanilang kalagayan. Gamit ang post-estrukturalismo bilang lapit sa wika sa *thematic analysis* ng pakikipagkuwentuhan sa siyam na nag-“for good” na OFW, nais kong ihain na mahalagang alternatibo ang paggamit ng malas at suwerte bilang paliwanag laban sa dominanteng diskurso ng indibidwal na responsabilidad para sa pansariling tagumpay. Nagbibigay sa mga kalahok ng kritikal na paningin sa diskurso ng indibidwal na responsabilidad na nakapaloob sa mga ideya ng Bagong Bayani at matagumpay na pagtanda ang pagkakaroon ng personal na karanasan ng kakitiran ng mga oportunidad at ng kabigatan ng mga panlipunang ekspektasyon. Subalit, kapaki-pakinabang man ang diskurso ng suwerte upang manatili ang positibong pagtingin sa sarili ng indibidwal sa kabila ng kabiguan, nananatiling matatag ang diskurso ng indibidwal na responsabilidad dahil hindi naipapasok sa diskurso ang malaking papel ng panlipunang mga salik at mga sistemang pang-ekonomiko at politikal na kinasasapian ng mga indibidwal.

**Mga Susing Salita:** Bagong Bayani; matagumpay na pagtanda; Overseas Filipino workers; sikolohiyang peminista; Sikolohiyang Pilipino

*In a society that values Overseas Filipino Workers (OFW) as “Modern-day Heroes,” many carry a strong hope that they will succeed when they seek their fortune in other countries. In discussions regarding the welfare of returning OFWs, attention is often on individual factors—their knowledge of financial planning, their ability to make their own decisions, and their ability to creatively find solutions to unexpected problems. Also relevant is the idea of successful aging, which views old age as a time of continued good health and participation in society. In this paper, I would like to focus on the discourse that older women who were former migrants use to explain their situation. Employing a post-structuralist approach to language in the thematic analysis of data from pakikipagkuwentuhan with nine OFWs who have returned to the Philippines for good, I argue*

*that the use of luck as an explanation is an important alternative discourse against the dominant discourse of individual responsibility for personal success. The personal encounters with the narrow opportunities and heavy burden of social expectations provided participants with a critical view of the discourse of individual responsibility for success embedded in notions of the Bagong Bayani and successful aging. However, while useful for maintaining a positive subjectivity despite seeming failure, the discourse of luck fails to bring attention to the important role of social, economic, and political factors in determining the outcomes for individuals.*

**Keywords:** *Bagong Bayani; feminist psychology; Filipino Psychology; Overseas Filipino Workers; successful aging.*

## PANIMULA

Sa pinakahuling datos ng Commission on Filipinos Overseas (1), may mahigit 10 milyong Pilipino ang namumuhay at naghahanapbuhay sa mahigit 200 bansa sa mundo. Bunga ito ng may limang dekada nang pagtulak ng pamahalaan ng Pilipinas sa pangingibang bansa ng mga Pilipinong manggagawa bilang mahalagang programang pang-ekonomiya ng Pilipinas. Sa tantiya ng Komisyon, may 4.87 milyon na permanenteng migranteng Pilipino: 4.2 milyon ang pansamantalang migrante (kabilang ang mga manggagawa, mag-aaral, at kanilang pamilya), at may 1.16 milyon na di-regular na migranteng Pilipino sa buong mundo. Kababaihan ang karamihan sa mga ito, maging permanenteng migrante man o kontraktuwal (National Economic Development Authority 1); karaniwang namamasukan sa mga trabahong tinataguriang *feminine* o pambabae ang mga manggagawang babae—mababa kadalasan ang sahod, limitado ang pag-angat, at mas may mga restriksiyon sa pagkilos kung ikukumpara sa ibang trabaho (McLaren at Dyck 43; Velasco 134). Isang matibay na haligi ng ekonomiyang Pilipino sa kasalukuyang panahon ang pagpapaluwas sa mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa na sinasabing pansamantalang lunas umano noong panahon ni Pangulong Ferdinand Marcos Sr. noong dekada sitenta—pinagmumulan sila ng mga reserbang dolyar at subok na pananggalang sa mga bagyong pang-ekonomiko, panrehiyon man o pandaigdigang (Battistella 230).

Sa kabila ng lalim at lawak ng mga kontribusiyon ng mga Overseas Filipino worker (o OFW kung tawagin), at sa tagal ng panahon na kinakasangkapan sila tungo (umano) sa kaunlaran ng bayan, may kakulangan ng pag-aaral sa dumaraming bilang ng

nakatatandang migranteng manggagawa. Sa ibang bansa, may mga pag-aaral na nagpapakitang may mga partikular na bulnerabilidad ang mga nakatatandang permanenteng migrante. Halimbawa, maaaring mas dehado sila sa usaping pinansiyal dahil nahihirapan silang makakuha ng trabahong may maayos na sahod, permanente at *full-time*; mas kaunti ang panahon para makaipon ng pensiyon sa bansang pinuntahan, o mas maagang tumitigil sa trabaho dahil sa mas masamang kalusugan kumpara sa mga hindi migrante (Bolzman 99). Mayroon ding mas malawak na interes sa matatandang mula sa mayayamang bansa na nagiging migrante at nagreretiro sa mas mahihirap na bansa upang mapagkasya ang kanilang pensiyon; halimbawa, ang mga pananaliksik ni Gambold at ni Gustafson (“Retirement Migration”; “Transnationalism in Retirement Migration”). Sa karanasang Pilipino naman, bagama’t may mga pag-aaral ukol sa mga nag-“for good” (tuluyan at permanenteng pagbalik sa Pilipinas) na mga OFW (gaya ng kay Saguin at kay Yu) at mga nakatatandang migranteng Pilipino na naninirahan nang permanente sa ibang bansa katulad ng mga pananaliksik nina Coloma at Pino, ni Ferrer, ni Kataoka-Yahiro, nina Kimura at Browne, ni Ong (“Embodying Good Citizenship”) at mga nagsisibalik sa Pilipinas para magretiro, halimbawa ang artikulo ni Pido, na nagpapakita ng mga hamon na kanilang kinakaharap, hindi pa rin nito masasalamang ang kabuuang karanasan at partikular na mga pagsubok ng mga nakatatandang dating OFW.

Mahalagang mapagtuunan ng pansin ang mga nakatatandang babae na dating OFW dahil iba sila sa mga nakatatandang babae at mga migrante na kadalasang nakikita sa literatura. Maaaring makapagbigay ng mga kakintalan ang pag-aaral tungkol sa mga karanasan nila ukol sa kung paanong

hinuhubog ng mga konstruksiyon ng kasarian, edad, at pagiging migrante ang mga karanasan at realidad ng mga indibidwal. Makatutulong din ang pagtingin sa kanilang karanasan na maunawaan kung paanong tinatangkilik o itinatakwil ang mga konstruksiyong ito upang makalikha ng mas positibong subhektibidad. Kaya sa pag-aaral ng kalagayan ng mga nakatatandang OFW, mapakikinabangan ang paggamit ng mga pamamaraan at metodolohiya na nagpapakita ng mga koneksiyon ng mga indibidwal na buhay at realidad sa mas malawak na estrukturang panlipunan. Bagama't may pakinabang pa rin ang pagtingin sa mga indibidwal na katangian, karanasan, at kalagayan, maituturing na kakulangang marapat na punan ang kawalan ng interes sa mas malawak na mga estrukturang humuhubog at hinubog din ng mga ito.

Sa papel na ito, nais kong talakayin ang kabuluhan ng diskurso ng Bagong Bayani at *successful aging* sa karanasan ng mga nag-“for good” na kababaihang OFW. Nais ko ring ihain na maliban sa diskursong ito na may pagtangi sa indibidwal na responsabilidad at kapangyarihan tungo sa tagumpay, may mga kontra-diskurso rin na maaaring pagmulan ng kahulugan ang mga dating OFW. Sa partikular, ipakikita kong mahalagang batayan ng isang positibong identidad sa kabila ng hindi gaanong matagumpay na pagtanda bilang dating OFW ang mga paliwanag na gumagamit ng diskurso ng malas at suwerte.

### *Ang tagumpay ng isang Bagong Bayani*

Noong 2022, umabot sa USD 36.14 bilyon ang padala sa Pilipinas ng mga Pilipinong nangibang bansa; may halos 9% ng kabuuang Gross Domestic Product (GDP) ng bansa: ito na ang pinakamataas na naitala (Rivas). Ayon na rin sa gobyerno ng Pilipinas, “[the] Philippine economy can’t do without remittances” (Ordinario) dahil ito ang pinakamalaking pinanggagalingan ng dolyar at siyang nagtutulak sa pagkonsumo ng mga tao na tumutulong sa paglago ng ekonomiya. Maliban noong 2020 kung kailan tinamaan ng COVID-19 ang buong mundo at malubhang naapektuhan ang lahat ng industriya, pataas lamang nang pataas sa bawat taon ang taunang *remittance* ng mga Pilipino sa ibang bansa. Isa nang matatag at maaasahang estratehiya sa kasalukuyang polisiyang pang-ekonomiya ng bansa kung saan malakas ang ugnayan ng pambansang kaunlaran at *labor migration* ang dating inakalang pansamantala lamang na

estrategiyang pang-ekonomiya noong panahon ni Pangulong Marcos Sr. (Asis at Baggio 2). Ito marahil ang nagbunsod sa pagbuo ng “Bagong Bayani” bilang katawagan sa mga OFW. Una itong ginamit noong 1988 ni Pangulong Corazon Aquino upang tukuyin ang mga tagapakinig sa kaniyang talumpati na mga Pilipinong kasambahay na nagtatrabaho sa Hong Kong (Guevarra 33).

Totoong hindi naman maikakaila ang ambag ng mga OFW sa ekonomiya ng ating bansa. Bayani ang mga Bagong Bayani dahil sa tulong na hatid nila; dahil sa pag-angat hindi lamang sa kanilang mga sarili kung hindi pati sa kanilang pamilya, komunidad, at sa Pilipinas mula sa kanilang pagsasakripisyo. Ayon sa ilang pag-aaral, sa pamamagitan ng pagpapalitaw ng pagkamakabayan ng mga OFW na bunga ng kanilang sinasabing mahalagang papel sa pag-unlad ng bansa, nakatulong umano ang pagbansag na ito upang mabawasan ang pamumuna at pag-aalala ng sambayanan sa mga dinaranas na hirap ng mga Pilipinong manggagawa sa ibang bansa (Guevarra 33; Rafael 276). Magmula noong mabuo ito noong 1988, gamit na gamit sa pampublikong diskurso ang Bagong Bayani—sa gobyerno, midya, at maging sa pang-araw-araw na talakayan tungkol sa mga Pilipinong nangingibang bayan.

Ayon sa ibang mananaliksik, bumubuo ng positibong imahen na nagtutulak sa mga taong magsakripisyo at mangibang bayan para magtrabaho ang paglikha ng ganitong diskurso tungkol sa mga OFW (Encinas-Franco 98; Parreñas 53). Bahagi ng imaheng ito ang pagkakabuo ng pangingibang bayan bilang isang kapasyahang pang-indibidwal ng bawat OFW na sumusungab sa pagkakataon na sagipin mula sa kahirapan ang kanilang pamilya. Kung gayon nakaangkla ito sa ideya ng *empowerment* bilang teknolohiya ng pamamahala (Guevarra 5). Pinagtutulungan ng estado at ng mga pribadong ahensiya ang pagdiin sa indibidwal na responsabilidad, kalayaan, at kapasyahan upang madisiplina ang mga Pilipino at maisakatuparan ang layunin na maging responsable at ideyal na mga manggagawa sila na mabenta sa isang pandaigdigang merkado (Guevarra 8; Tyner 67). May pagkakatugma ang mga analisis na ito sa puna ng iba pang mananaliksik na sa maraming bahagi ng daigdig, tinitingnan lamang ang kagalingan at kaginhawahan bilang mga bagay na nakakamit sa pang-indibidwal na antas at hindi sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos o ng pagkilos ng estado (Inouye

579). Sa mas mayayamang bansa, nangangahulugan ito ng papaliit na suporta para sa mga batayang serbisyo at kagalingang panlipunan (halimbawa: ang pangangalaga sa mga bata at matatanda), pagtaas ng pangangailangan para sa kababaihan na magtrabaho upang matugunan ang mga pangangailangan ng pamilya, at sa paglaki rin ng pangangailangan para sa mga migranteng mula sa mahihirap na bansa na gagawa ng gawaing-bahay upang makapagtrabaho sa labas ng bahay ang kababaihan (Rodriguez 51; Calasanti 141; Inouye 575). Kung indibidwal na desisyon ng mga tao na itaya ang kanilang mga dating buhay, kabuhayan, at mga minamahal sa Pilipinas para sa kapakanan ng pamilya sa pangingibang bansa, napagtatakpan ng diskurso ng Bagong Bayani ang malaking papel na ginagampanan ng estado upang isulong ang pangingibang bayan ng mga Pilipino, at ang malaking kakulangan nito na maprotektahan ang mga migranteng manggagawa mula sa mga mapang-api at hindi patas na mga kondisyon sa trabaho.

Bilang bansag sa mga nangingibang bayan na Pilipinong manggagawa, lalong namayagpag ang Bagong Bayani noong dekada nobenta, kung kailan higit pang binigyang linaw at halaga ito sa pagkakabuo ng Bagong Bayani Awards na itinatag upang:

...recognize and pay tribute to our OFWs for their significant efforts in fostering goodwill among peoples of the world, enhancing and promoting the image of the Filipino as a competent, responsible and dignified worker, and for greatly contributing to the socio-economic development of their communities and our country as a whole. (Bagong Bayani Foundation Inc. 1)

Bukod sa pagiging bayani ng pamilya, itinuturing din bilang katuwang sa pagbuo ng positibong pandaigdigang ugnayan at sa gawaing pangkaunlaran ang mga OFW. Ginagampanan umano ito ng mga Bagong Bayani sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng isang “manggagawang may husay, responsable, at may dangal” at sa pag-aambag (halimbawa: ng mga remittance) para sa “*socio-economic development*” ng kanilang mga komunidad. Kung gayon, maaaring dinidisciplina rin ang mga Pilipino sa kilalang katawagan na Bagong Bayani upang maging mabuting manggagawa at mabuting mga transnasyonal na mamamayan na ibig ng estado

na huwag makalimot na magpadala at tumulong sa bansa. Masasabing nagsasagawa ng tinatawag na *transnational governance* ang gobyerno ng Pilipinas—ang institusyonalisasyon ng mga gawaing transnasyonal (halimbawa : pamumuhunan sa sariling bayan, regular na pagpapadala ng pera) na naglalayong gawing aktibong kalahok ang mga migrante sa mga pagbuo ng bansa (Guevarra 6); maituturing na isang pamamaraan ng pamamahala mula sa malayo (N. Rose 50) ang Bagong Bayani, sa pagtatakda nito kung ano ang mabuting manggagawa at mabuting mamamayan.

#### *Ang matagumpay na pagtanda*

Dahil sa limang dekada na ang programa ng gobyerno ng Pilipinas sa pagtulak sa mga mamamayan nito na mangibang bansa bilang sagot sa kanilang kahirapan, marami sa mga nangibang bansa ang tumanda na rin. Kung kontraktual ang migrante, o yaong mga nakakapanatili nang legal sa isang bansa hangga’t may mga kontrata sila para magtrabaho, maaari silang magdesisyong umuwi, o pauwiin na, sa kanilang pagtanda at pagreretiro. Kung gayon, mahalagang pagtuunan din ng pansin ang konsepto ng *successful aging* na laganap at dominanteng diskurso sa usapin ng pagtanda.

Sa mauunlad na bansa sa kanluran, maraming nakapuna na nagkaroon na ng mga pagbabago sa pagtingin sa pagtanda magmula noong dekada ’60, noong unang inilimbag ang librong *Feminine Forever* ni Wilson, na lalong napatatag sa paglabas ng librong *Successful Aging* nina Rowe at Kahn. Sa mga librong ito unang inilatag ang mga ideyang lumaganap sa publiko, sa midya, sa akademya, at sa pamahalaan tungkol sa ibang uri ng pagtanda na maaaring makamit ng sinuman. Sa halip na tingnan bilang panahon ng pagtiklop, pag-urong, o pag-iwas sa pakikilahok sa lipunan, kinikilala na rin ang pagtanda bilang panahon ng mga bagong posibilidad at pagkakataon sa higit na pag-unlad at pagpapatuloy sa aktibong partisipasyon sa lipunan. Sa pagsusuri sa mga konseptuwalisasyon ng “*successful*,” “*positive*,” at “*active*” *aging*, mapapansin na may tatlong ideya na esensiyal sa bagong pakahulugan sa pagtanda na ito:

- 1) Ang kahalagahan ng katawan upang maipakita ang pagiging matagumpay sa pagtanda. Sa itsura at lagay ng katawan hinuhugahan kung matagumpay ba ang

pagtanda ng isang tao. Sa partikular, mahalagang makita na nananatiling mukhang bata at mukhang malusog ang isang tao (siyempre pa, ibang usapin kung tunay ngang malusog ang tao).

- 2) Ang pagdiin sa tao bilang konsyumer; nangangailangan ng patuloy na pakikilahok sa ekonomiya ng isang nakatatanda sa pamamagitan ng pamimili ng mga produkto at serbisyo (halimbawa: mga gamot, bitamina, *gym membership*, *beauty salon*, *health insurance*) upang makamtan ang matagumpay na pagtanda.
- 3) Ang indibidwal na responsabilidad sa pagtanda. Malaking responsabilidad ang iniaatang sa mga tao na gumawa ng mga desisyon na makamtan ang matagumpay na pagtanda. Maaari lang umanong magbigay ang lipunan at ang gobyerno ng mga pagpipilian at bahala ang bawat tao na pumili nang tama (halimbawa: sa pagbili ng pagkaing nakabubuti sa kalusugan, o sa mga pagkaing nakasasama rito, na kapuwa makikita sa mga pamilihan).

Samakatwid, isang laban ang pagkamit sa matagumpay na pagtanda kung saan kailangang manindigan, mamuhunan (ng oras, pagod, at pera), at gumawa ng paraan ang bawat tao.

Bagama't masasabing rebolusyonaryo at kahali-halina ang inihahain na hiraya ng pagtanda ng successful aging, may mga pumupuna nito na nagsasabing nagbagong-anyo lamang ang dati nang laganap na *ageism* sa paggiit na nakadepende sa indibidwal na pagsisikap ng mga tao ang pagtanda (Holstein at Minkler 793). Ito'y dahil sa madaling ikinukubli ng successful aging ang katotohanan na ang pagkamit ng tagumpay na ito sa pamamagitan ng matiyaga, matalino, at disiplinadong pagpapasya ng isang responsableng indibidwal ay hindi para sa lahat. Nililimitahan ng mga patong-patong na epekto ng mga karanasan ng opresyon (halimbawa: diskriminasyon dahil sa kasarian, seksuwalidad, lahi, edad, o pagiging migranteng manggagawa) na dinaranas ng isang tao sa kaniyang buong buhay ang kakayahan na makamit ito. Sa paggiit na nakasalalay sa sarili nating mga kamay ang ating pagtanda, nagiging marhinalisado at mababa ang pagtingin sa mga taong naging "sawi" rito.

Dagdag pa ng mga kritiko, may malinaw na ugnayan ang ganitong konstruksiyon ng pagtanda sa neoliberalismo. Hindi na maikakaila pa ang ugnayan ng pagdiin sa indibidwal na responsabilidad, konsumerismo, at "active," "positive," o "successful" aging sa neoliberal na layunin na patuloy na bawasan ang pamumuhunan ng pamahalaan sa mga serbisyong pampubliko sa pamamagitan ng pribatisasyon (Laliberte Rudman 185; Fine at Keeling 181). Namayagpag din sa paglaganap ng isang neoliberal na lohika sa politika at pamamahala ang mga kilos at gawi na hinihimok tayong maging mas mapagmatyag sa sariling katawan, mapanuri sa sarili, maingat sa mga panganib o kapahamakan na maaaring mangyari, at ma-maximize ang ating pamumuhay (Laliberte Rudman 186). Tinitiyak ng ganitong mga gawi at kilos na magkaroon ng pagtutugma sa mga ninanais ng mga indibidwal at sa layunin ng estado na bawasan ang suporta para sa nakatatanda.

Mapapansin sa mga diskurso ng Bagong Bayani at successful aging na parehong matimbang ang indibidwal na kakayahan at pagpapasya tungo sa pagkamit ng tagumpay. Tuntungan ang naging trabaho ng Pranses na historyador at pilosopo na si Michel Foucault, may ilang mananaliksik na rin mula noong mga dekada '90 na pumupuna sa uri ng *subjectivity* na isinusulong ng isang neoliberal na lohika. "*Empowerment*" at "*choice*" ang mga tampok na tema ng ganitong subhektibidad ng mga indibidwal at inilalarawan sila bilang mga maalam o "wais" na mamimili at arkitekto ng sarili nilang tagumpay. Napagtatakpan ang iba't ibang pinanggagalingan ng opresyon at marhinalisasyon na may epekto sa mga maaaring pagpipilian ng isang indibidwal. Dahil dito, para sa nakatatandang dating OFW, maaaring nagkakaroon ng labis na mataas na pagpapahalaga sa indibidwal na mga kilos at pasya upang makamtan ang isang matagumpay na pagtanda, na walang pagsasaalang-alang sa mga hindi pagkakapantay-pantay ng mga ugnayan ng Pilipinas at mayayamang bansa, ng mga *employer* at kanilang migranteng manggagawa, at ng mga miyembro mismo ng pamilya ng migrante.

Isang mahalagang katangian ng diskurso sa pagtalakay ni Foucault ang pagiging masalimuot at magkakasalungat nito—sabay na kasangkapan at epekto ng kapangyarihan at mga punto ng paglaban dito (*History of Sexuality* 101). Nangangahulugan ito na bagama't maaaring makapangyarihan at matimbang

ang mga diskursong natalakay sa buhay ng mga nag-“for good” na mga Pilipinang OFW, hindi imposible na may iba’t ibang diskursong lalaban o sasalongat sa mga ito.

Maaari nating alamin, kung gayon: sa pang-araw-araw na diskurso ng mga nakatatandang dating OFW, mayroon bang pagtimbang sa kahalagahan ng indibidwal na pag-iisip, kilos, at pasya sa pagkamit ng matagumpay at maginhawang buhay? Mayroon kayang mga alternatibo?

## Metodolohiya

Nakasandig ang metodolohikal na balangkas ng papel na ito, na halaw sa isang mas malawak na proyekto tungkol sa mga nakatatandang Pilipinang migrante, sa dalawang uri ng kritikal na sikolohiya: ang Sikolohiyang Pilipino (SP) at sikolohiyang peminista. Interesado ang kritikal na sikolohiya sa kapangyarihan—paano ito umiinog at kung paano ito ginagamit laban o para sa, at ng mga indibidwal (Prilleltensky at Nelson 5). Bagama’t may magkaibang tutok at layunin, nagkakatulad ang SP at sikolohiyang peminista sa paninindigang politikal ang pananaliksik; na lunan ang wika ng kultura at ideolohiya; na hindi dapat isantabi ang kultura at lipunan sa ating pagsisikap na maunawaan ang indibidwal; at marapat bigyang pansin ang pagitan sa kapangyarihan ng mga mananaliksik at kalahok (Fox et al. 10; Denzin at Lincoln 5; Paredes-Canilao at Babaran-Diaz 777). Sa mahabang kasaysayan ng dalawang kritikal na sikolohiyang ito, makikita ang paggamit ng samotsaring ontolohikal at epistemolohikal na posisyon upang makamit ang kanilang adhikain na makalikha ng bagong kaalaman na makapagsusulong sa kapakanan ng mga marhinalisadong grupo (halimbawa: kababaihan, masang Pilipino). May mga nananaliksik na gamit ang mga nakagawiang pamamaraan ng dominanteng sikolohiya gaya ng eksperimento sa laboratoryo, at mayroon ding gumagamit ng mga pamamaraang mas malikhain, halaw sa ibang disiplina; at para sa kaso ng Sikolohiyang Pilipino, ang katutubong mga pamamaraan. Para sa pag-aaral na ito, na may interes na masuri ang koneksiyon ng indibidwal na *subjectivity*

(pag-unawa o pagtingin sa sarili) at diskurso, ginamit ang post-estrukturalistang lapit sa katotohanan, realidad, at wika.

Gamit ang nasabing balangkas, kuwalitatibo ang disenyo ng pag-aaral na ito na gumamit ng pamamaraang pakikipagkuwentuhan na tinalakay ni Orteza upang mangalap ng datos, at gumamit ng lapit na post-estrukturalista sa wika sa analisis ng tema ayon sa inhain nina Braun at Clarke upang mabigyang-kahulugan ang mga kuwento ng kalahok.

## Mga kalahok

Upang mas maunawaan ang ugnayan ng indibidwal at mas malawak na kontekstong panlipunang kaniyang kinabibilangan, nagsagawa ako ng pakikipagkuwentuhan sa siyam na dating OFW na nag-“for good” na. Dahil sa pangangailangan na matiyak na may pagkakaiba-iba ang mga kalahok (pagdating sa naging trabaho, tagal ng pagtatrabaho sa ibang bansa, bansang pinagtrabahuhan, sitwasyon sa pamilya, tagal mula nang mag-“for good”) at dahil din sa hanggang sa loob lamang ng Luzon ang maaaring makakuwentuhan nang harap-harapan, inanyayahan ang mga ito na makilahok sa pamamagitan ng mga tulay (mga kakilala mula sa aking *network*) at *snowball sampling*. Bago ang kuwentuhan, tiniyak ko na nabasa at naunawaan ng mga kalahok ang *information sheet* at binigyan sila ng pagkakataon na makapagtanong-tanong bago lagdaan ang *consent form*. Sa tuwina rin, habang nakikipagkuwentuhan, pinaaalalahanan ko sila na hindi sila obligadong sagutin ang aking mga katanungan at maglahad lamang ng nais nila.

May edad 51–69 na taon ang siyam na kalahok at mga dating nagtrabaho sa iba’t ibang bansa sa United Arab Emirates at sa Asya, at nagtagal sa ibang bansa mula anim hanggang 38 taon. Sa siyam, nurse ang isa, itinuturing na manggagawang may propesyonal na kasanayan ang isa, at dating mga kasambahay ang natitirang pito. May mga anak ang lahat maliban sa dalawa. May asawa o karelasyon ang lahat maliban sa tatlo noong lumahok sila sa kuwentuhan. May pinagkakakitaan ang lahat maliban sa isa. Para sa ilang detalye, tingnan ang talahanayan 1 sa ibaba:

## Talaanayan 1. Ilang katangian ng mga kalahok

Pangalan (hindi tunay)	Edad	Mga bansang pinagtrabahuhan bilang OFW	Trabaho bilang OFW	Bilang ng taon bilang OFW	Trabaho sa Pilipinas sa kasalukuyan	May asawa?
Alice	66	Kaharian ng Saudi Arabia	<i>Makeup artist at hair stylist</i>	27	<i>Hair stylist, part-time</i>	Mayroon
Betty	53	Hong Kong	Tagapag-alaga ng bata at kasambahay	9	Kasambahay	Mayroon subalit hiwalay
Carla	69	Kaharian ng Saudi Arabia	Tagapag-alaga ng bata at kasambahay	10	Wala	Mayroon
Delia	58	Singapore, Hong Kong	Tagapag-alaga ng matanda at kasambahay	25	Wala	Mayroon subalit hiwalay, kasalukuyang may karelasyon
Elyse	58	Kaharian ng Saudi Arabia	<i>Nurse</i>	23	Sariling negosyo	Mayroon
Flory	61	Malaysia	Tagapag-alaga ng bata at kasambahay	6	Sariling Negosyo	Mayroon
Geena	51	Hong Kong	Kasambahay	24	Sariling negosyo	Mayroon subalit hiwalay, kasalukuyang may karelasyon
Helen	54	Singapore, Hong Kong	Kasambahay	22	Ahente ng <i>insurance</i>	Mayroon
Irene	68	Kaharian ng Saudi Arabia	Tagapag-alaga ng bata at matanda at kasambahay	38	Wala	Mayroon subalit hiwalay

Hindi layunin ng pag-aaral na makuha ang pananaw ng karamihan o malaman kung ano ang karaniwan para sa mga dating OFW bilang populasyon. Sa halip, inaasahan na makakuha ng mga kakintalan na may kabuluhan at kapakinabangan maging sa ibang OFW na may kahalintulad na kontekstong kinabibilangan mula sa mayaman at malalim na datos galing sa pakikipagkuwentuhan.

*Pakikipagkuwentuhan*

Pinili ang pamamaraan ng pakikipagkuwentuhan para sa pag-aaral na ito dahil sa kakayahan nitong makapagpabunga ng mayaman at malalim na kuwalitatibong datos. Malaking bentahe rin ang pagiging bukas nito sa mga pagbabago (ng paksa

o daloy) na nagbibigay-laya sa mga kalahok at sa mananaliksik na pagkuwentuhan ang sa palagay nilang mahalaga at nararapat nang walang pangamba na isantabi ang nakahandang gabay sa kuwentuhan. Dahil pakay ng pag-aaral na ito ang mga diskurso, mahalaga sa pagsasagawa ng kuwentuhan ang kalayaan na makapagtanong sa kalahok tungkol sa mga kahulugan sa likod ng kanilang mga gawi, plano, at inaasam, upang gawing hayag ang lohika sa likod ng mga ito. Dahil na rin sa pagiging likas sa pang-araw-araw na buhay ng mga kalahok ang pakikipagkuwentuhan, naging bukas din sila na isama sa proseso ang ilang mga *artifact* o mga gamit na makahulugan sa kanila (halimbawa: mga larawan) at maaaring makatulong sa pagdaloy ng kanilang pagkuwentuhan.

Ginanap nang dalawahan ang pakikipagkuwentuhan (ako at kalahok). Ayon sa kagustuhan ng kalahok, naganap sa sarili nilang tahanan ang apat, kainan na malapit sa kanilang tirahan ang sa dalawa, at sa bahay ng pinagtatrabahuhan ng isang kalahok ang isa. Naging paksa ng kuwentuhan ang buhay migrante (ang desisyon na mag-abroad, pamumuhay at pagtatrabaho sa ibang bansa, at ang desisyon na mag-“for good”), ang buhay sa Pilipinas, mga pagbabago sa katawan sa paglipas ng panahon, at mga saloobin tungkol sa hinaharap. Nagtagal mula isa hanggang dalawang oras ang bawat kuwentuhan.

### Analisis ng datos

Gamit ang post-estrukturalistang lapit sa wika, nagsagawa ako ng thematic analysis sa mga *transcript* ng pakikipagkuwentuhan. Naipakita nang kapakipakinabang para sa maka-Pilipinong pananaliksik ang ganitong lapit sa wika at analisis ng datos (sa Ong, “Ang Kapakinabangan ng Post-estrukturalismo”; Ong at Braun). Sa partikular na kasong ito, kapakipakinabang ang diskursibong lapit upang maipakita kung paanong humuhubog sa pagpapakahulugan ng mga nakatatandang OFW sa kanilang buhay at kinabukasan ang diskurso ng Bagong Bayani at matagumpay na pagtanda; at kung may iba pang mga diskurso na kanilang kinikilala at ginagamit sa pag-unawa sa kanilang mga karanasan. Ayon kay Foucault, “sistematikong binubuo ng diskurso ang mga bagay na kanilang pinatutungkulan” (*The Archaeology of Knowledge* 49, sa akin ang salin mula sa Ingles); nangangahulugan ito na diskurso ang nagbibigay-balangkas para pag-isipan ang isang bagay at kumilos ayon sa kaisipang ito (G. Rose 142). Naglalatag ang diskurso ng mga *subject position*—mga posisyon kung saan maaaring makapagsalita ng mga katotohanan tungkol sa mga bagay-bagay ang isang indibidwal (Arribas-Ayllon at Walkerdine 21). Samakatwid, maaari nating tanungin, anong mga *subject position* ang inihahain sa mga nakatatandang Pilipinang OFW sa konteksto ng isang neoliberal na pandaigdigang ekonomiya na itinuturing sila bilang mga rasyonal na indibidwal na nakikilahok sa sirkulasyon ng lakas-tao sa sarili nilang kusa at pagpapasya (Wise at Covarrubias 252; Inouye 579); kung saan patuloy ang pagiging mahalaga ng pisikal na hitsura bilang ekspresyon ng indibidwalidad (Shilling 4); at kung saan hindi lamang indibidwal na alalahanin ang kalusugan

kung hindi isang panlipunang gampanin (Armstrong 403).

Sa papel na ito, tutok ng analisis ang pagtukoy sa mga diskursong naging makabuluhan para sa mga kalahok upang bigyang kahulugan ang kanilang mga kasalukuyan at nakikinitang kinabukasan bilang mga dating OFW na tumatanda sa Pilipinas.

### *Ang matagumpay na nakatatandang dating OFW*

Sa buhay ng OFW, lalo sa mga nakatatanda, masasabing pamilyar ang magkasalikop na diskurso ng matagumpay na pagtanda at matagumpay na Bagong Bayani. Mayroon ding pagtanggap sa mga inihahain nitong ugnayan ng indibidwal na responsabilidad, lagay ng katawan, at ng pagkonsumo. Makikita ito sa mga winiwika ng mga kalahok tungkol sa kanilang pagiging OFW at ang naging (o inaasahang) pagbabago nito sa kanilang katawan:

Int: So ano po ang mga sinabi ng mga tao noong bagong uwi kayo?

Alice: “Ang gandaaaa! Uy, nakakaganda pala doon! Mukha kang artista!”

Helen: Kung di ba ako nag-abroad, may pera ba ako na ganoon para masuplayan ko iyong gusto ko para sa sarili ko, sa pamilya ko? Siguro baka losyang-losyang na ako.

Betty: Pag nauwi ka s’yempre—s’yempre pag bago ka umuwi, kailangan mong mag-aayos ka. (Tawa.)

Int: Ay, bakit po?

Betty: S’yempre ma’am. Pagka- pagka nakita ng mga “Aba, parang hirap na hirap ito doon a.”

Sa mga siping ito, mapapansin ang pag-uugnay ng matagumpay o maginhawang buhay na dulot ng pagtatrabaho sa ibang bansa at ng lagay o hitsura ng katawan ng OFW. Maaaring sabihing “binabasa” ng iba (at maging ng sarili, gaya ni Helen) ang tagumpay sa pagiging Bagong Bayani sabay ng matagumpay na pagtanda sa katawan ng OFW. Bagama’t posibleng hirap na hirap ang isang OFW sa kaniyang trabaho at/o pagkakawalay sa pamilya, iminumungkahi sa mga siping ito na maaari, at higit pa rito, marapat na ikubli ito dahil inaasahan at inaasam ng indibidwal na matupad ang pangako ng magandang buhay na resulta ng pag-a-abroad. Isa lamang sa iba’t ibang paraan ang



katawan upang maipakita ng isang nangibang bayan ang tagumpay at magandang buhay. Halimbawa, makikita rin sa ibang migrante ang kahalagahan ng pagpapatayo ng mga bahay at pagbili ng mga kagamitan upang ipabatid sa iba ang kanilang pag-unlad sa buhay (Danzer, et al. 231; Leonini at Rebughini 161; Mills 37). Subalit sa mga lipunang hinuhusgahan ang kababaihan batay sa hitsura ng kanilang mga katawan (Bartky 24; Bordo 143), nagkakaroon ng dagdag na halaga ito.

Mapapansin din na batid ng mga kalahok na bunga hindi ng isang “natural” na proseso ang nakikitang kagandahan ng katawan—hindi umaaliwalas ang mukha o bumubuti ang lagay ng katawan dahil sa mas maalwan o maginhawa ang buhay sa pagtatrabaho sa ibang bansa. Bagkus, nagkakaroon ng kapasidad ang indibidwal na pagkagastusan ang mga produkto at serbisyo na nakatutulong upang makamit ang nakatakandang (pabago-bagong) pamantayan ng kagandahan sabay ng pagkakaroon ng kapasidad para tugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng kanilang pamilya.

Kung may ganitong pagtingin tungkol sa pagiging OFW, sa pagtanda, at sa katawan, paano kaya nito hinuhubog ang karanasan at pag-unawa ng kababaihang OFW na nagretiro na mula sa pag-a-abroad?

#### *Indibidwal na responsabilidad para sa pagtanda*

Sa pagkukuwento ng mga kalahok tungkol sa kanilang kasalukuyan at hinaharap, makikita pa rin ang ideya na nasa kaniyang mga kamay ang kahihinatnan ng buhay ng tao; na may mga maaaring gawin upang mapangalagaan ang tagumpay o maiwasan ang labis na pagkasawi. Halimbawa:

Int: Para sa inyo po, ano po yung mga bagay na wino-worry n’yo pa? Meron ba for the future? Yung ganun. Gaya nung 10 years from now, 60 na ba kayo noon? Mga 60 plus, 61, 62 mga ganun.

Geena: Wala naman po kasi meron ako SSS at saka Philhealth ako, meron din akong St. Peter kase nung una ginamit ng Tatay ko. Kumuha ako kay Ruth, fully paid ko na yun 60K. tapos may rebate naman yun na 10K after 10 years pa.

Tapos ang insurance lang ang wala ako, Philhealth okay na din yon binabayaran ko ng 200 per month. Pagkatapos nito mag-iipon ako para lang ano, nagkaroon lang s’ya ng SSS nung kami na e. At least meron pagdating ng araw. Kase nakatulong din yung SSS ko, nakakuha ako ng pera. Kahit papaano nung naoperahan ako. May mape-pension din kahit konti lang. At least ‘di na kami makakaistorbo sa mga anak.

Irene: Basta ang dinadasal ko, wag magkaroon ng sakit na magastos at wag ako maging pabigat (...) o financially, magiging pabigat ka, kaya I’m trying to be as healthy as possible. Kaya kapag may sakit ako, kinokontrol ko na, at wag din umasa sa doon, yung madagdagan ng dosage ko. Ayon sa lahat ang ayaw ko—na madagdagan ang mga dosage ko.

Geena: Galing ako sa abroad, may mga bumalik e. Napurdoy daw, ang narinig ko na katwiran ay naging maluho pa din. Kumbaga ginaya nila yung andito pa sila sa abroad na—punta dito, kain dito (...) Yung iba may jeep na yun, napurdoy daw. Kase daw party dito, party doon. Yun ang kwento nung andun pa ako sa (ibang bansa).

Sa usapin man ng kalusugan o kaperahan, isinusulong ng ganitong mga pagwiwika na kaya at dapat na maging responsable ang bawat tao para sa kaniyang sariling ikabubuti at para sa kapakanan ng kaniyang pamilya. Sa pakahulugan ng mga kalahok, hindi mabuti na umasa sa iba, lalo na ang maging pabigat sa mga anak sa pagtanda. Sa loob ng ganitong diskurso, hindi naging masinop, walang disiplina sa sarili, at naging maluho at iresponsable sa pera sa kanilang pag-uwi ang mga may malubhang sakit, walang naipon o naubusan ng ipon, at walang pensiyon o pondo na maaasahan. Sa madaling sabi, mukhang walang ibang masisisi para sa abang kalagayan ng nakatatandang OFW na nag-“for good” na kung hindi ang kaniyang sarili.

Tumutugma ang mga kakintalang ito sa mga naunang pag-aaral tungkol sa mga nakatatanda (tingnan halimbawa si Cruickshank at si Rozanova) at tungkol sa mga migranteng Pilipina na permanenteng naninirahan sa ibang bansa (gaya ng mga nailathala ni Ong at Nina Ong at López). Inaasahang gumawa ng mga plano at desisyon ang mga nakatatanda na makabubuti sa

kanila; hindi kaaya-aya at wala umanong dahilan upang umasa sa ibang tao o sa gobyerno sa pagtanda (Peacock et al. 178). Maaaring mas matinkad ito para sa mga migranteng naninirahan sa mga bansang itinuturing na *aging society* at may malawak na pangamba ukol sa pagdami ng mga nakatatanda sa lipunan, at sa inaasahang magiging negatibong epekto nila sa ekonomiya ng bansa. Bagama't hindi pa mailalarawan ang Pilipinas bilang *aging society*, makikita na rin ang pag-atang ng gobyerno ng responsabilidad para sa pangangalaga ng nakatatanda sa mga pamilya. Halimbawa, isa sa mga layunin ng Expanded Senior Citizens Act of 2010 para sa mga nakatatanda ang: “encourage their [senior citizens’] families and the communities they live with to reaffirm the valued Filipino tradition of caring for the senior citizens” (Seksyon 1, Layunin d.). Kung ipinaaako ng estado sa pamilya at komunidad ang nakatatanda, at ayaw ng matatanda na ipaako ang kanilang pangangalaga sa kanila, sino pa ba ang aako ng responsabilidad na ito?

Masasabi, batay sa datos at sa literatura, na hinuhubog ng ganitong mga diskurso tungkol sa pagtanda at pagiging migranteng Pilipino ang karanasan at kaisipan ng mga dating OFW sa sarili nilang pagtanda. Maaaring may mga positibong epekto sa pagtanggap ng ganitong mga diskurso— pagbuo ng plano at pagdedesiyon na nagbubunga ng isang mas matagumpay na pagtanda para sa sarili at pamilya. Subalit paano kung hindi nakakamit ang tagumpay sa kabila ng pagsisikap at pagpupursigi? Paanong ipinaliliwanag at binibigyang kahulugan ito ng mga kalahok? Paano maiiwasan na malugmok sa pagsisipi at panghihina ng loob sakaling hindi naging “matagumpay” ang isang OFW?

#### *Subalit hindi ganap ang tagumpay*

Sa karanasan ng mga kalahok, hindi masasabing ganap o permanente ang anumang mga tagumpay na kanilang nakamit sa pagtatrabaho sa ibang bansa. Mabilis na nagbabago ang kanilang kalagayan sa kanilang pag-uwi sa Pilipinas; may mga pagbabago na kagyat (halimbawa: pagkawala ng libreng de-kalidad na serbisyong pangkalusugan) at mayroon ding mas matagal bago mapansin o maramdaman (halimbawa: ang kapasidad na makabili ng mga produkto o serbisyo para sa kalusugan o pagpapaganda ng katawan; ang pagkalugi ng negosyong sinisimulan):

Int: Nami-miss ninyo po ba (yung mga pampaganda)? Kasi po di ba sa trabaho ninyo, available siya. At kung gusto mo, sagot ng employer?

Alice: A, well, dito, hindi na afford e.

Int: Bakit hindi na?

Alice: Siyempre, sayang, di ba? Alam mo, pumunta kami sa (clinic), magpapa-diamond peel sana. Grabe, ang mahal. Pagpasok mo pa lang, consultation pa lang, P2,000 na (...) Hindi ko kaya!

Irene: Kaya yun, hindi ako nag-resign kaagad. Dahil sabi ko nga, may ginagamit pa akong benefit. Libre ka sa gamot. Hindi ka nagtatatapon ng kung ano. Itong salamin ko, binili ko yan (...) Mahal yan e. Hindi siya covered ng insurance (...) Ay, hindi ito covered dahil masyadong mahal. Dahil ayaw ko ng salamin na mabigat, glass, plastic yan, walang frame (...) Dahil kahit anong frame ang sinuot ko, hindi bumagay sa akin. Kaya ang kinuha ko, rimless. Ewan ko, pag nandito na ako, bahala na. Bahala na si Batman.

Maraming mga bagay ang hindi na kaya ng mga kalahok sa pag-uwi. Bagama't nakapag-apon at may mga sariling plano, may mga pangyayari rin na hindi nila kontrolado at siyang nakaaapekto sa kanilang kalusugan at kalagayan. May mga limitasyon ang ipon, kita, at insurance (gaya ng ibinahagi nina Alice at Irene), at may mga hindi kanais-nais na pangyayari (gaya ng pagkakasakit nina Flory at Geena, pagkakaproblema sa pamilya, o pagkalugi sa pinagsikapang negosyo ni Betty) na labas sa kanilang kayang kontrolin.

Hindi dapat kataka-taka na ganito ang karanasan ng mga dating OFW, na dinaranas ang tagumpay bilang pansamantala, hindi ganap, o walang tibay. Sa lahat ng serbisyong para sa kapakanan ng mga migranteng Pilipino, ang reintegrasyon ang pinakasalat sa suporta at limitado pa rin sa programang pinansiyal-entreprenyuryal na hindi akma para sa lahat ng tao (Parreño 37). Maaaring bunga ito ng kakulangan sa pagkilala sa ugnayan ng pinansiyal na lagay ng OFW sa lagay ng kaniyang kalusugan (katawan at lusog-isip) at sa lagay ng kaniyang pamilya. May nagsasabing mahina ang mga serbisyong pangreintegrasyon dahil na rin sa pagkiling ng gobyerno sa pagpapalabas ng mga migrante kaysa pagsuporta sa kanilang pagbabalik (Saguin 357) at ipinapasa ng gobyerno sa mismong

mga migrante ang responsabilidad para sa kanilang kapakanan (Ball at Piper 1030). Sa kakulangan ng malawakan at matibay na serbisyong panlipunan gaya ng abot-kaya at malapit na serbisyong medikal, programang pang-edukasyon, at nakasasapat na pensiyon, madaling mabuwag ang mga nabuong pananggalang ng mga OFW laban sa mga banta sa kanilang matiwasay na buhay. Paanong napananatili ng mga nakatatandang OFW ang positibong pagtingin sa sarili sa kabila ng hindi gaanong matagumpay na pagtanda? Paanong naiiwasan ang sisihin ang sarili o balewalain ang mga nakaraang tagumpay na napasakamay pansamantala?

*Ang mahalagang papel ng malas at suwerte bilang pakahulugan sa mga pangyayari sa buhay ng nakatatandang OFW*

Matingkad sa mga kuwento ng mga kalahok ang pagkilala sa kawalan nila ng ganap na kontrol sa mga kondisyon ng kanilang trabaho sa ibang bansa, sa kanilang nagbabagong katawan, at sa kanilang kinabukasan. Madalas ilarawan nila ang mga pangyayaring kaaya-aya bilang masuwerte o bunga ng suwerte at ang mga pangyayaring nakalulugmok bilang kamalasan o bunga ng malas. Sa kabila ng pagkilala rin nila sa lohika ng pagsisikap, pagsisinop, pagiging madiskarte at mahusay tungo sa pagkamit ng tagumpay na kanilang hanap, batid din nila na hindi laging sumusunod sa lohika ang takbo ng kapalaran nila. Halimbawa:

Alice: Kasi lahat kami, lahat ng staff. Hindi yung, “Ay, ayoko dito! Ang sama ng ugali ng employer.” Kahit mamatay ka sa trabaho sa kanya, you want to stay there, kasi ang ganda ng patakaran.

Int: Pero yung ganoon na klase ng employer, common ba yun, o kakaiba din na mabait yung employer ninyo? O ganyan ba lahat sa Saudi?

Alice: Ay, hindi. Parang dito (sa Pilipinas), may masasama. Mabait siya. Napakasuwerte namin.

Betty: Kasi kumbaga sa sampung taon naman (na pag-aabroad) e naka-invest naman kami kahit papaano. Yung aking sarili nung dalaga pa 'ko. (Tawa.) Kasi before pa—pagkatapos ng

for good, iyon pa lang ang pag-aano namin ng asawa ko, pero buong 10 years—so nakaipon naman ako dahil ako noo'y dalaga pa noon. Nakapagpatayo ng bahay, nakabili ng lote, nakapagpaayos naman--tapos—kaya lang, nung ano kami—nung may konting pera, nag-business kami nung mister ko. Pareho naman—abroad din siya e. Tapos hindi naman—hindi naman naano—hindi naman sinuwerte sa pagbi-business.

Flory: Aba iyon ngang asawa ko'y ano din ba—pagka-resign nga noong anak ko'y pina-check-up din overall. Ay all clear nga iyong asawa ko, nakakatuwa (...) Kung sino iyong walang bisyo (ako) siyang maraming sakit. Iyong asawa ko may bisyo, walang sakit.

Sa mga siping ito, inihahain ng mga kalahok na hindi maaaring maging ganap na tiyak at kontrolado ang kabuhayan at kalusugan ng isang tao. Ang pagkakasakit, pagkalugi ng negosyo, problema sa pamilya, at maraming iba pa ang mga hindi inaasahang pangyayari na maaari pa ring maganap sa kabila ng pagkilos at pagpapasya ng tao upang maiwasan ang mga ito. Naglahad ang mga kalahok, na nagmula sa iba't ibang trabaho, na nasaksihan nila kung gaanong kalaki ang kapangyarihan ng mga employer para patalsikin ang kanilang mga empleyado kung kailan nila gusto, sa kung anumang dahilan. May ilan na nagkaroon ng mga problema sa loob ng pamilya na nagpalala sa problema sa pera. May ilan din na nagkaroon ng mga problema sa kalusugan na hindi naman din nila masabing dahil sa kakulangan sa tamang pagkain at ehersisyo (halimbawa: mga *allergy*, *myoma*), at may ilan na nagsabing dumaranas sila ng mga sakit-sakit sa katawan na mula sa mabibigat na trabahong kanilang ginawa. Subalit, maaari rin namang suwertehin at makamtan ang kaunting ginhawa. Binubulabog ng ganitong mga wika ang ideya na ang indibidwal na pagkilos ang siyang nagtatakda ng magiging kalusugan at kalidad ng buhay ng isang tao sa kaniyang pagtanda; hindi perpekto ang ugnayan ng dalawa at may iba pang salik na wala sa kamay ng mga tao na magkakaroon ng malaking epekto sa kanilang kalagayan.

Sinasabing nakikipagsapalaran ang mga OFW sa ibang bansa upang makamit ang tagumpay. Sa wikang Tagalog, literal na nangangahulugan ng “nasa ilalim ng kamay” o “la palma dela mano” (San Antonio, ayon kay Abrera) ang salitang

ugat ng “kapalaran” na “palad,” mula sa “palar.” Maaaring mabuti o masama ang kapalaran, ayon sa kaloob ng tadhana o ng Diyos; nangangahulugan ang pakikipagsapalaran ng paghahanap o pagtuklas ng suwerte. Sa analisis ng historyador na si Abrera, may kinalaman sa mga bagay o karanasang hindi ganap ang ating kaalaman, may pagkalihim o hindi batid, ang mga salitang *suwerte*, *malas*, *kapalaran*, at *tadhana*. Bagama’t masasabing may kinalaman din ang indibidwal na kakayahan dito, halimbawa, dahil sa elemento ng pagsubok at pakikipagsagupa na nakapaloob sa salitang *pakikipagsapalaran*, nangingibabaw pa rin ang kawalan ng katiyakan ng indibidwal sa maaaring kasapitan ng kaniyang pakikipagbuno sa kaniyang tadhana. Samakatwid, bagama’t maaaring magsikap nang buong giting ang isang tao, maaari pa ring mauwi sa wala at *kasamaang-palad* ang lahat ng ito.

Sa paggamit ng mga konsepto ng malas at suwerte upang ikuwento ang kanilang mga napagdaanan, ipinahihiwatig ng mga nakatatandang OFW na may pagkiling man sila sa naratibo ng indibidwal na responsabilidad para sa tagumpay bilang migrante at bilang nakatatanda, hindi pa rin nila hawak ang tadhana. Bagama’t nagsisikap sila, nagtitiis, nagtitiyaga, maraming mga bagay ang labas sa kanilang kaalaman at kapangyarihan at hindi nila ganap na batid ang mangyayari sa kanilang kinabukasan. Sa pamamagitan ng diskurso ng malas at suwerte, nagagawa nilang iwasan ang negatibong subhektibidad na maaaring kalagayan nila dahil sa matinding pagpapahalaga sa indibidwal na responsabilidad sa diskurso ng Bagong Bayani at matagumpay na pagtanda—kaya nilang ilaban at igiit na wala sa kanilang mga palad ang lahat.

## Kongklusyon

Mahalagang alternatibong diskurso ang paggamit ng suwerte at malas bilang paliwanag laban sa dominanteng diskurso ng indibidwal na responsabilidad para sa pansariling tagumpay sa buhay bilang nakatatandang OFW. Sa pamamagitan ng diskurso ng malas at suwerte, maaaring maipahiwatig na may mga limitasyon at hindi matitiyak na makakamit ang lahat ng hinahangad na kasapitan gamit ang indibidwal na kakayahan. Sa madaling sabi, bagama’t may pagkilala na maaaring produkto ng mga maling desisyon sa

buhay ang hindi magandang kalagayan ng nag-“for good” na OFW, may espasyo pa rin upang kilalanin ang katotohanan na may mga kahihinatnan (maganda at hindi) na hindi bunga ng kanilang mga desisyon.

May potensiyal din ang diskurso ng malas at suwerte na maging higit na makabuluhan para sa mga programang tumutugon sa mga pangangailangan ng mga OFW at kanilang pamilya. Kung nauunawaan at pinahahalagahan nila ang diskursong ito, maaaring magamit ang malas at suwerte bilang balangkas sa adbokasiya at edukasyon. Kung nakikipagsapalaran ang bawat isa sa kaniyang pangiging bansa, ano-anong mga signos o senyales ng hindi magandang kapalaran ang dapat bantayan upang makaiwas sa malas? Ano ang maaaring signos o senyales sa bawat yugto ng pangiging bayan (mula sa paghahandang umalis, pag-alis at pamumuhay sa ibang bansa, at pagbabalik) na dapat ituloy o dapat itigil ang pinaplanong mga hakbang? Halimbawa na lang ng mga signos na dapat itigil o ipagpaliban ang binabalak: balita umanong nakapagpapalabas na ang *employment agency* ng mga menor de edad o mga may kulang na dokumento, ang pagkakabatid na kinukuha ng employer ang pasaporte ng manggagawa, at pagkakaroon ng alok para sa pagkakakitaan na nangangako ng mabilis at malaking balik ng kita. Kasama dapat ng kaalaman tungkol sa mga signos na ito ang impormasyon tungkol sa mga hakbang na maaaring tahakin sa kanilang pakikipagsapalaran: halimbawa, mga numerong maaaring tawagan upang mag-report, humingi ng tulong o payo, maging ahensiya man ng gobyerno o mga organisasyong sibiko na katuwang nito. Bagama’t maaaring malas sa kaniyang trabaho at employer ang isang OFW, maaaring masabing suwerte pa rin sa pagkakaroon ng madudulugan sa oras ng matinding pangangailangan.

Maaaring ang pagkakalagay sa gitna ng alanganin ng buhay at kabuhayan ng mga manggagawang nangingibang bansa sa loob ng mahabang panahon ang nagbibigay rin sa kanila ng kakintalan na may kanipisan ang ugnayan ng indibidwal na responsabilidad at tagumpay. Kung gayon, mahalagang tuntungan ang naiibang punto-de-bista ng mga nakatatandang dating OFW upang maging mas mapanuri sa mga diskursong umiiral ukol sa pagtanda at sa pagiging Bagong Bayani. Bahagya man ay may potensiyal ang punto de bista ng ito na maging lunsaran ng alternatibo at mas kritikal na mga diskurso.

Gayunman, bagama't kapaki-pakinabang ang diskurso ng malas at suwerte upang manatili ang positibong pagtingin sa sarili ng indibidwal kahit na siya'y hindi gaanong matagumpay, nananatiling matatag ang diskurso ng indibidwal na responsabilidad. Limitado ang diskurso ng malas at suwerte sa pag-iwas sa pagsisi (galing man sa iba o sa sarili) sa pagkabigo. Hindi nito nababaklas nang tuluyan ang pagkakakawing ng indibidwal na responsabilidad at matagumpay na pagtanda bilang OFW, at ang matinding *moral imperative* na nililikha ng ganitong pagkakabuhol. Ito'y dahil nananatiling nakatutok ito sa indibidwal at hindi tiyak na mga salik na nakaaapekto sa kalusugan at kabuhayan sa halip na sa mga panlipunan o politikal na mga salik na may kinalaman sa pagbuo ng hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan (halimbawa: mayayaman at mahihirap), sa mga grupo ng mga tao (halimbawa: mga babae at lalaki), at sa mga bansa (halimbawa: Pilipinas at mayayamang bansa), na siyang nagdudulot ng mga pribilehiyo ng ilan at pagdurusa ng nakararami. Mainam na pag-aralan, pag-isipan, at pag-usapan ang iba pang alternatibong diskurso na, una: maglalantad sa kakitiran ng mga pagpipilian ng mga OFW bunga ng mga hindi pagkakapantay-pantay na ito at, ikalawa: higit na makapagpapatibay sa ating pag-unawa sa papel at obligasyon ng mas malawak na lipunan sa kapakanan at kaginhawahan ng ating mga nakatatandang OFW. Dahil sa huli, higit pa sa salita ang mga salita—hinuhubog nito ang ating realidad, pagkakakilanlan, at maging ang ating kahihinatnan.

## SANGGUNIAN

- Abrera, Ma. Bernadette L. "Malas at Suerte: Isang Historikal na Pagsusuri sa Konsepto ng Kapalaran ng mga Pilipino." Ika-13 Kumperensya ng Tatsulok, 15 Mar. 2019, Unibersidad ng Pilipinas, Lungsod ng Quezon. Presentasyon para sa plenaryong sesyon.
- Armstrong, David. "The Rise of Surveillance Medicine." *Sociology of Health & Illness*, vol. 17, no. 3, 1995, pp. 393–404.
- Arribas-Ayllon, Michael, at Valerie Walkerdine. "Foucauldian Discourse Analysis." *The Sage Handbook of Qualitative Research in Psychology*, inedit nina Carla Willig at Wendy Stainton-Rogers, Sage Publications, 2010, pp. 91–109, <http://dx.doi.org/10.4135/9781848607927.n6>.
- Asis, Maruja Milagros B, at Fabio Baggio. "Introduction: Will Turning Transnational Foster Development in the Philippines?" *Moving Out, Back and Up: International Migration and Development Prospects in the Philippines*, inedit nina Maruja M. B. Asis at Fabio Baggio, Scalabrini Migration Center, 2008, pp. 1–16.
- Bagong Bayani Foundation Inc. *Bagong Bayani Awards*. Bagong Bayani Foundation, Inc., pp. 1–5.
- Ball, Rochelle, at Nicola Piper. "Globalisation and Regulation of Citizenship—Filipino Migrant Workers in Japan." *Political Geography*, vol. 21, 2002, pp. 1013–34, [https://doi.org/10.1016/S0962-6298\(02\)00084-7](https://doi.org/10.1016/S0962-6298(02)00084-7).
- Bartky, Sandra Lee. "Foucault, Femininity, and the Modernization of Patriarchal Power." *Sociology of the Body: A Reader*, inedit nina Claudia Malacrida at Jacqueline Low, Oxford University Press, 2008, pp. 21–27.
- Battistella, Graziano. "Philippine Migration Policy: Dilemmas of a Crisis." *Sojourn*, vol. 14, no. 1, Apr. 1999, pp. 229–48. <http://www.ncbi.nlm.nih.gov/pubmed/12295147>.
- Bolzman, Claudio. "Democratization of Ageing: Also a Reality for Elderly Immigrants?" *European Journal of Social Work*, vol. 15, no. 1, Feb. 2012, pp. 97–113, <https://doi.org/10.1080/13691457.2011.562018>.
- Bordo, Susan. "Anorexia Nervosa: Psychopathology as the Crystallization of Culture." *Unbearable Weight: Feminism, Western Culture, and the Body*, University of California, 1993, pp. 139–64.
- Braun, Virginia, at Victoria Clarke. *Thematic Analysis: A Practical Guide*. Sage Publications Ltd., 2022.
- Calasanti, Toni. "Gender and Ageing in the Context of Globalization." *The Sage Handbook of Social Gerontology*, inedit nina Dale Dannefer at Chris Phillipson, Sage Publications, 2010, pp. 137–50, <https://doi.org/10.4135/9781446200933>.
- Coloma, Roland Sintos, at Fritz Luther Pino. "'There's Hardly Anything Left': Poverty and the Economic Insecurity of Elderly Filipinos in Toronto." *Canadian Ethnic Studies*, vol. 48, no. 2, 2016, pp. 71–97.
- Commission on Filipinos Overseas. *Stock Estimate of Filipinos Overseas as of December 2013*. CFO, 2013.
- Cruikshank, Margaret. *Learning to be Old: Gender, Culture and Aging*. Rowman & Littlefield Publishers Inc., 2003.
- Danzer, Alexander M., et al. "Showing off to the New Neighbors? Income, Socioeconomic Status and Consumption Patterns of Internal Migrants." *Journal of Comparative Economics*, vol. 42, 2014, pp. 230–45, <https://doi.org/10.1016/j.jce.2013.05.002>.
- Denzin, Norman K., at Yvonna S. Lincoln. "Introduction: Critical Methodologies and Indigenous Inquiry." *Handbook of Critical and Indigenous Methodologies*, inedit nina Norman Denzin, Yvonna Lincon, at Linda Tuhiwai-Smith, Sage Publications, 2008, pp. 1–20.
- Encinas-Franco, Jean. "The Language of Labor Export in Political Discourse: 'Modern-Day Heroism' and

- Constructions of Overseas Filipino Workers (OFWs).” *Philippine Political Science Journal*, vol. 34, no. 1, 2013, pp. 97–112, <http://dx.doi.org/10.1080/01154451.2013.789162>.
- Expanded Senior Citizens Act of 2010, R.A. 9994*. no. 9994, 2010. <https://www.officialgazette.gov.ph/2010/02/15/republic-act-no-9994/>.
- Ferrer, Ilyan. “Aging Filipino Domestic Workers and the (in)Adequacy of Retirement Provisions in Canada.” *Canadian Journal on Aging*, vol. 36, no. 1, 2017, pp. 15–29, <https://doi.org/10.1017/S0714980816000684>.
- Fine, Michael, at Sally Keeling. “Social Policies for Ageing Societies: Australasian Perspectives.” *The SAGE Handbook of Social Gerontology*, inedit nina Dale Dannefer at Chris Phillipson, Sage Publications, 2010, pp. 525–40, <https://doi.org/10.4135/9781446200933>.
- Foucault, Michel. *History of Sexuality, Vol. I: An Introduction*. Isinalin ni Robert Hurley, Random House Inc, 1978.
- . *The Archaeology of Knowledge*. Isinalin ni A.M. Sheridan Smith, Pantheon Books, 1972.
- Fox, Dennis, et al., editors. *Critical Psychology: An Introduction*. 2nd ed., Sage Publications, 2009.
- Gambold, Liesl. “Retirement Migrants: The Global Flow of the Non-Working.” *Anthropology News*, no. May 2008, May 2008, p. 21.
- Guevarra, Anna Romina. *Marketing Dreams, Manufacturing Heroes: The Transnational Labor Brokering of Filipino Workers*. Rutgers University Press, 2009.
- Gustafson, Per. “Retirement Migration and Transnational Lifestyles.” *Ageing & Society*, vol. 21, no. 04, Jan. 2001, pp. 371–94, <https://doi.org/10.1017/S0144686X01008327>.
- . “Transnationalism in Retirement Migration: The Case of North European Retirees in Spain.” *Ethnic and Racial Studies*, vol. 31, no. 3, Mar. 2008, pp. 451–75, <https://doi.org/10.1080/01419870701492000>.
- Holstein, Martha B., at Meredith Minkler. “Self, Society and the ‘New Gerontology.’” *The Gerontologist*, vol. 43, no. 6, 2003, pp. 787–96, <https://doi.org/10.1093/geront/43.6.787>.
- Inouye, Kimiko. “Conditional Love: Representations of Migrant Work in Canadian Newsprint Media.” *Social Identities: Journal for the Study of Race, Nation and Culture*, vol. 18, no. 5, 2012, pp. 573–92.
- Kataoka-Yahiro, Merle R. “Filipino American Grandparent Caregivers’ Roles, Acculturation, and Perceived Health Status.” *Journal of Cultural Diversity*, vol. 17, no. 1, 2010, pp. 24–33.
- Kimura, Jennifer, at Colette V. Browne. “Eldercare in a Filipino Community: Older Women’s Attitudes toward Caregiving and Service Use.” *Journal of Women & Aging*, vol. 21, no. 3, Jan. 2009, pp. 229–43, <https://doi.org/10.1080/08952840903054815>.
- Laliberte Rudman, Debbie. “Shaping the Active, Autonomous and Responsible Modern Retiree: An Analysis of Discursive Technologies and Their Links with Neo-Liberal Political Rationality.” *Ageing and Society*, vol. 26, no. 02, Feb. 2006, pp. 181–201, <https://doi.org/10.1017/S0144686X05004253>.
- Leonini, Luisa, at Paola Rebughini. “The Consumption Styles of Immigrant Families in Italy: Identifications, Status, and Practices.” *Family and Consumer Sciences Research Journal*, vol. 41, no. 2, Dec. 2012, pp. 161–71, <https://doi.org/10.1111/fcsr.12005>.Web.
- McLaren, Arlene, at Isabel Dyck. “Mothering, Human Capital, and the ‘Ideal Immigrant.’” *Women’s Studies International Forum*, vol. 27, no. 1, Jan. 2004, pp. 41–53, <https://doi.org/10.1016/j.wsif.2003.12.009>.
- Mills, Mary Beth. “Contesting the Margins of Modernity: Women, Migration, and Consumption in Thailand.” *American Ethnologist*, vol. 24, no. 1, 1997, pp. 37–61.
- National Economic Development Authority. *Deployed Overseas Filipino Workers by Sex (New Hires Only), 1992-2015*. NEDA, <https://neda.gov.ph/wp-content/uploads/2019/06/Table-1.69-Deployed-Overseas-Filipino-Workers-by-Sex-New-hires-only-1992-2015.xlsx>.
- Ong, Michelle G. “Ang Kapakinabangan ng Post-estrakturalismo sa Sikolohiyang Pilipino: Hamon at Halimbawa mula sa Pag-aaral ng mga Migranteng Pilipina sa Aotearoa [The Utility of Poststructuralism in Sikolohiyang Pilipino: A Challenge and Example from a Study on Migrant Filipinos in Aotearoa.]” *Diwa*, vol. 4, 2016, pp. 1–19.
- . “Embodying Good Citizenship and Success in Migration: Aging Filipina Migrants Talk about Health.” *InterDisciplines*, vol. 1, 2018, <https://doi.org/10.4119/UNIBI/indi-v9-i1-186>.
- Ong, Michelle G., at Virginia Braun. “Erasing/Embracing the Marks of Aging: Alternative Discourses around Beauty among Filipina Migrants.” *Social Science Diliman*, vol. 12, no. 2, 2016, pp. 1–29.
- Ong, Michelle G., at Mario Ivan López. “Filipina Migrants and the Embodiment of Successful Aging in Japan: Individual Quests for Wealth, Health, and Meaningful Interdependence.” *Southeast Asian Studies*, vol. 11, no. 1, 2022, pp. 49–77, <https://doi.org/10.20495/seas.11.1>.
- Ordinario, Cai. “Philippine Economy can’t do without Remittances.” *Rappler*, 2012, <http://www.rappler.com/business/12143-philippine-economy-can-t-do-without-ofw-remittances-neda>.
- Orteza, Grace O. *Pakikipagkuwentuhan: Isang Pamamaraan ng Sama-Samang Pananaliksik, Pagpapatotoo at Pagtulong Sa Sikolohiyang Pilipino (Pakikipagkuwentuhan: A Method for Participatory Research, Establishing Validity, and Contributing to Filipino Psychology)*. Philippine Psychology Research and Training House, 1997.

- Paredes-Canilao, Narcisa, at Maria Ana Babaran-Diaz. "Sikolohiyang Pilipino: 50 Years of Critical-Emanicipatory Social Science in the Philippines." *Annual Review of Critical Psychology*, vol. 10, 2013, pp. 765–83.
- Parreñas, Rhacel Salazar. *Servants of Globalization: Women, Migration, and Domestic Work*. Stanford University Press, 2001.
- Parreño, Nancy E. *Gender and Reintegration of Overseas Filipino Workers*. UN Women, 27 June 2022.
- Peacock, Marian, Paul Bissell, and Jenny Owen. "Dependency Denied: Health Inequalities in the Neo-Liberal Era." *Social Science & Medicine*, vol. 118, 2014, pp. 173–80. <https://doi.org/10.1016/j.socscimed.2014.08.006>.
- Pido, Eric J. *Migrant Returns: Manila, Development, and Transnational Connectivity*. Duke University Press, 2017.
- Prilleltensky, Isaac, at Geoffrey Nelson. *Doing Psychology Critically: Making a Difference in Diverse Settings*. Palgrave Macmillan, 2002.
- Rafael, Vicente L. "'Your Grief is Our Gossip': Overseas Filipinos and Other Spectral Presences." *Public Culture*, vol. 9, 1997, pp. 267–91.
- Rivas, Ralf. "OFW Remittances Hit New High in 2022 amid Surging Inflation." *Rappler*, 15 Feb. 2023, <https://www.rappler.com/business/ofw-remittances-january-december-2022/>.
- Rodriguez, Robyn Magalit. "Challenging the Limits of the Law: Filipina Migrant Workers' Transnational Struggles in the World for Protection and Social Justice." *Globalization and Third World Women: Exploitation, Coping and Resistance*, inedit nina L. Lindio-McGovern at I. Wallimann, Ashgate Publishing Ltd., 2009, pp. 49–64.
- Rose, Gillian. *Visual Methodologies: An Introduction to the Interpretation of Visual Materials*, 2nd ed., Sage Publications, 2007.
- Rose, Nikolas. *Powers of Freedom: Reframing Political Thought*. Cambridge University Press, 1999.
- Rowe, J. W., at R. L. Kahn. *Successful Aging*. Pantheon Books, 1998.
- Saguin, Kidjie. "Returning Broke and Broken? Return Migration, Reintegration and Transnational Social Protection in the Philippines." *Migration and Development*, vol. 9, no. 3, 2020, pp. 352–68, <https://doi.org/10.1080/21632324.2020.1787100>.
- Shilling, Chris. *The Body and Social Theory*. Sage Publications, 1993.
- Tyner, James A. *Made in the Philippines: Gendered Discourses and the Making of Migrants*. Routledge Curzon, 2004.
- Velasco, Pura. "Filipino Migrant Workers amidst Globalization." *Canadian Woman Studies*, vol. 21/22, no. 4/1, 2002, pp. 131–35.
- Wilson, Robert A. *Feminine Forever*. M. Evans and Co., 1966.
- Wise, Raul Delgado, at Humberto Marquez Covarrubias. "International Migration and Development in Mexico: A Critical Assessment." *Moving Out, Back and Up: International Migration and Development Prospects in the Philippines*, inedit nina Maruja Milagros B. Asis at Fabio Baggio, Scalabrini Migration Center, 2008, pp. 237–67.
- Yu, Xiaojiang. "The Sociocultural Effects of Returnee Overseas Filipino Workers in the Philippines." *Norwegian Journal of Geography*, vol. 69, no. 1, 2015, pp. 47–58, <https://doi.org/10.1080/00291951.2014.995216>.